LONGBEACH COMMUNITY DEVELOPMENT

ABISO SA PUBLIKO

ABISO TUNGKOL SA PAGKAKAROON NG PAMPUBLIKONG PAGDINIG AT DOKUMENTO

Sa Miyerkoles, Enero 15, 2025, nang 4:00 p.m., ang Long Beach Community Investment Company (LBCIC, Kompanya ng Pamumuhunan sa Komunidad ng Long Beach) ay magsasagawa ng pampublikong pagdinig sa City Council Chambers (Mga Kamara ng Sangguniang Panlungsod) na matatagpuan sa Long Beach City Hall, 411 West Ocean Blvd., Long Beach, CA 90802.

Layon ng pampublikong pagdinig na makatanggap ng mga pampublikong komento tungkol sa Makabuluhang Pag-amyenda sa Plano ng Pagkilos para sa FY 2024-2025 at Makabuluhang Pag-amyenda para sa Plano ng Pagkilos para sa FY 2022-2023. Sa mga Substantial Amendment, maglalaan ng Income para sa Programa mula sa Neighborhood Stabilization Program (NSP, Programa ng Pagpapatatag sa Kapitbahayan) patungo sa Community Development Block Grant (CDBG, Perang Gawad ng Pambansang Gobyerno sa Maliit na Gobyerno para sa Pagpapaunlad sa Komunidad) para sa Home Improvement Roof Grant Program (Programa ng Paggawad ng Pera para sa Pagpapaayos ng Bubong ng Bahay) at ililipat ang mga pondo mula sa FY 2022-2023 CDBG patungo sa Home Improvement Roof Grant Program upang matugunan ang mga pangangailangang isinasapriyoridad sa Nilikom na Planong Panlimang Taon.

Simula sa Disyembre 13, 2024, maglalabas ng mga draft na kopya ng mga Substantial Amendment sa mga FY 2024-2025 at FY 2022-2023 Action Plan para sa pagsusuri at pagkokomento ng publiko. Puwedeng i-download ang Draft Amendment (Draft na Pag-amyenda) mula sa seksiyong “Stay Informed: Latest News” (Manatiling May Alam: Pinakabagong Balita) sa homepage ng website ng Long Beach Community Development Department (Kagawaran ng Pagpapaunlad sa Komunidad ng Long Beach) sa longbeach.gov/lbcd, nang personal sa 411 W. Ocean Blvd., Long Beach, CA 90802 o sa pakikipag-ugnayan kay Elizabeth Weithers sa pamamagitan ng pag-email sa Elizabeth.Weithers@longbeach.gov o pagtawag sa (562) 570-6912.

Hangad ng City of Long Beach na makapagbigay ng makatwirang akomodasyon para sa pampublikong pagdinig alinsunod sa Americans with Disability Act (ADA, Batas para sa mga Amerikanong may mga Kapansanan) ng 1990. Kung kailangan ng espesyal na akomodasyon, o upang humiling ng materyales na isinaling-wika, pakitawagan si Elizabeth Weithers sa (562) 570-6912 nang hindi iikli sa 48 oras bago sumapit ang pampublikong pagdining sa Enero 15, 2025. Para sa mga taong may mga kapansanan sa pagdinig o pananalita, tumawag sa 711 upang maikonekta sa isang Telecommunications Relay Service. Ang mga mamamayang nagnanais na magbigay ng mga nakasulat na komento ay pinauunlakan hanggang sa Enero 13, 2025, para sa pampublikong pagdinig sa Enero 15, 2025. Maaari ding i-address ang mga nakasulat na komento kay Elizabeth Weithers, Community Development Department, 411 W. Ocean Blvd., Long Beach, CA 90802 o ipasa sa pamamagitan ng email sa Elizabeth.Weithers@longbeach.gov.

Upang hilingin ang impormasyong ito sa alternatibong format o upang humiling ng makatwirang akomodasyon, makipag-ugnayan sa Community Development Department sa longbeach.gov/lbcd at 562.570.3807. Hinihiling na maglaan ng minimum na tatlong araw ng negosyo upang matiyak ang availability; pagsisikapang mapagbigyan ang mga hiling na naiparating sa loob ng mas maikling panahon.